

# MCWD Ulat sa Kumpiyansa ng Mamimili 2021

Tony Kelsey, 42 taong empleyado ng MCWD, kumukuha ng sample sa kamakailangan na-rehabilitate na tangke.

## MCWD Ulat sa Kumpiyansa ng Mamimili

Pinagmamalaki ng Marina Coast Water District na ihandog ang 2021 na Ulat sa Kumpiyansa ng Mamimili. Ang taunang ulat sa kalidad ng tubig na ito ay may kasamang impormasyon tungkol sa kung saan galing ang tubig mo, ano ang laman nito, at paano ito maihahambing sa mga pamantayan ng inuming tubig. Tulad ng sa nakaraan, binibigyan kayo ng Distrito ng paniniguro na ang inumin niyong tubig ay nakatutugon sa


mahigpit na pamantayan sa inuming tubig ng California at Pederal.

Kung may anumang tanong ka tungkol sa impormasyon sa ulat na ito o tungkol sa tubig mo, mangyaring kontakian ang Operation and Maintenance Manager, Derek Cray sa (831) 883-5903. Maaari kayong bumisita sa aming website sa [www.mcwd.org](http://www.mcwd.org) para sa higit pang impormasyon.

## Supply at Paggamot ng Tubig

Nagbibigay ang Distrito ng groundwater na gawa mula sa pitong balon na hinatid sa pamamagitan ng network ng sistema ng distribusyon ng pitong storage tank at halos 215 milya ng main pipeline ng tubig.

Dalawang deep supply well (10 at 11) na nasa Central Marina, ang kumukuha ng groundwater mula sa 900-foot aquifer sa Salinas Valley Groundwater Basin kung nasaan ang tubig at ginagamot sa site para ma-disinfect. Ang natitirang limang supply well (29, 30, 31, 34, at Watkins Gate) na nasa Ord Community, ay kumukuha ng groundwater mula sa 900-talampakan, 400-talampakan, at mas mababang 180-talampakang aquifer ng Salinas Valley Groundwater Basin. Ang groundwater mula sa mga supply well na ito ay dinis-infect sa Ord Community chlorination treatment na pasilidad.



## Pagtatasa ng Pinagmulang Tubig

Nakumpleto ang ilang pagtatasa sa pinagmulang tubig. Ang mga pagtatasa ng pinagmulang tubig ay nagsasaalang-alang ng ilang salik na kasama: ang pagkakaroon ng posibleng kontaminasyong aktibidad (PCA) tulad ng kasalukuyan o makasaysayang aktibidad ng tao na mga potensiyal na pinagmulan ng kontaminasyon sa pinagmulan ng inuming tubig, ang lapit nito sa pinagmulan, ang peligrong kaugnay ng PCA, at ang konstruksiyon at setting ng pinagmulan. Ang mga salik na ito ay niraranggo, at ang pinagmulan ay tinuturing na pinakamahina sa mga PCA ay nakalista sa tuktok ng pagraranggo.

Noong Hulyo 2001, kinumpleto ng California Department of Public Health (CDPH) ang pagtatasa ng bawat isang groundwater supply well sa Central Marina na nagsabing ang mga balon ay pinakamahina sa makasaysayang tambakan ng basura, mga aktibidad sa landfill, at militar na instalasyon.

Noong Pebrero 2002, nakakumpleto ng pagtatasa ng bawat groundwater supply well sa Ord Community. Pinakita ng

pagtatasa kung alin sa mga balon ang pinakamahina sa mga kilalang volatile organic contaminant plume mula sa saradong landfill sa dating Fort Ord, pati na sa pagpasok ng saltwater, sistema sa pagkolekta ng sewer, above-ground na mga storage tank, nairigang pananim, mga transportation corridor, pagkumpuni ng makinarya sa bukid, at mga septic system.


Noong Nobyembre 2012, ang nakumpletong pagtatasa ng pagkukunan para sa Watkins Gate Well ay nakadetermina na ang balon ay pinakamahina sa Mga Instalasyong Militar.

Noong Pebrero 2014, ang nakumpletong pagtatasa para sa Well 34 ay nadetermina na ang balon ay pinakamahina sa mga Military na instalasyon (dating Fort Ord), agrikulturang drainage, saltwater na intrusyon, at mga sistema ng pagkolekta ng sewer.

Ang buong mga detalye ng mga pagtatasa ay maaaring tingnan sa mga sumusunod na lokasyon: MCWD, 11 Reservation Road, Marina, CA, or at SWRCB DDW, 1 Lower Ragsdale Drive, Building 1, Suite 120, Monterey, CA.

**Báo cáo này chứa thông tin rất quan trọng về nước uống của bạn. Vui lòng truy cập trang web của chúng tôi cho một phiên bản dịch của báo cáo này, hoặc liên hệ với chúng tôi tại (831) 384-6131 để hỗ trợ thêm.**  
[www.mcwd.org](http://www.mcwd.org)

**이 보고서에는 식수에 대한 매우 중요한 정보가 포함되어 있습니다. 이 보고서의 번역된 버전은 당사 웹사이트를 방문하거나 (831) 384-6131로 연락하여 추가 지원을 받으십시오.** [www.mcwd.org](http://www.mcwd.org)



11 Reservation Road  
Marina, CA 93933-2099  
Telepono: (831) 384-6131  
Fax: (831) 883-5995  
[www.mcwd.org](http://www.mcwd.org)  
[ccr@mcwd.org](mailto:ccr@mcwd.org)

**Pahayag sa Misyong:** Nagbibigay kami sa aming mga kostumer ng de-kalidad na tubig, pagkolekta ng wastewater at serbisyong pagkonserbasyon sa makatwirang gastos, sa pamamagitan ng pagpapalano, pamamahala at pag-develop ng mga dulugang tubig sa paraang sensitibo sa kapaligiran.

Ang mga pulong ng lupon ay bukas sa publiko at karaniwang isinasagawa sa ikatlong Lunes ng bawat buwan sa punong tanggapan ng MCWD na nasa 11 Reservation Road sa Marina ng 6:30 PM. Ang mga agenda ay nakapaskil sa mga sumusunod na lugar ng 72 oras man lang bago ang bawat pulong: Marina Coast Water District, Marina at Seaside City Halls, Marina at Seaside Libraries at sa Marina Post Office.

Sundin ang Distrito sa Nextdoor, Twitter, at Facebook



**Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Visite nuestro sitio web para obtener una versión traducida de este informe, o póngase en contacto con nosotros al (831) 384-6131 para obtener más ayuda.** [www.mcwd.org](http://www.mcwd.org)

**Ang ulat na ito ay naglalaman ng napakahalagang impormasyon tungkol sa iyong inuming tubig. Mangyaring bisitahin ang aming website para sa isang isinalin na bersyon ng ulat na ito, o makipag-ugnay sa amin sa (831) 384-6131 para sa karagandang tulong.** [www.mcwd.org](http://www.mcwd.org)

# Kalidad ng Tubig

Masigasig na sinusubaybayan ng Distrito ang kalidad ng tubig para sa inuming tubig at minsan muli, ay nagmamalaking iulat na ang iyong tubig mula sa gripo ay nakatutugong sa mga pamantayan sa inuming tubig ng California at Pederal.

## Pederal na Unregulated Contaminants Monitoring Rule-4 (UCMR-4)

Noong 2020, lumahok ang Distrito sa ika-apat na yugto ng Unregulated Contaminant Monitoring Rule (UCMR-4). Ang hindi naregulang contaminant ay ang mga kung saan ang EPA ay hindi pa nataguyod ang mga pamantayan sa inuming tubig. Ang pagsubaybay ay tumutulong sa EPA na malaman ang pagkakaroon ng mga compound na ito at kung o kung hindi kailangan ang regulasyon. Sinubaybayan ng sistema namin ang 20 kemikal ayon sa natukoy ng US Environmental Protection Agency (USEPA). Ang mga resulta ay direktang inulat sa USEPA. Binuod ang mga deteksiyon sa talahanayan ng UCMR4, kasama ang karaniwang pagkukunan ng contaminant. Ang UCMR4 na ulat ng Marina Coast Water District ay makukuha ng buo sa pagbisita sa aming website sa [https://www.mcwd.org/gsa\\_water\\_quality.html](https://www.mcwd.org/gsa_water_quality.html).

Pumunta sa <https://www.epa.gov/dwucmr/fourth-unregulated-contaminant-monitoring-rule> para sa pangkalahatang impormasyon sa UCMR4.

## Kabuuang Patakaran sa Coliform ng Estado at Pederal na Patakaran sa Groundwater

Ang Consumer Confidence Report (CCR) ay sumasalamin sa mga pagbabago sa mga inaatas sa regulasyon sa inuming tubig sa 2021. Ang mga rebisyong ito ay nagdaragdag ng mga inaatas ng pederal na Binagong Kabuuang Patakaran sa Coliform, may bisa mula Abril 1, 2016, sa umiiral na Kabuuang Patakaran sa Coliform ng estado. Ang binagong patakaran ay minementina ang layunin para protektahan ang pampublikong kalusugan sa pagpagsisiguro ng integridad ng sistema ng distribusyon ng inuming tubig at pagsubaybay sa presensiyang ng microbials (iyon ay, kabuuang coliform at E. coli bacteria). Inaasahan ng U.S. EPA ang higit pang pampublikong proteksiyon sa kalusugan dahil inaatas ng patakaran ng mga sistema ng tubig na mahina sa microbial na kontaminasyon para makilala at ayusin ang mga problema. Ang mga sistema ng tubig na lagpas sa partikular na dalas ng kabuuang pagganap ng coliform ay inaatasang magsagawa ng pagtatasa para malaman kung mayroong mga sanitaryong depekto. Kung mahanap, ang mga ito ay dapat maitama ng sistema ng tubig. Nagkaroon ng bisa ang Binagong Kabuuang Patakaran sa Coliform noong Hulyo 1, 2021.

## Trichloroethylene (TCE)

Ang TCE ay ang karaniwang solvent na ginamit ng U.S. Army sa dating Fort Ord. Noong 2021, natukoy ang TCE sa mga balon 29, 30, at 31 sa mga mabababang antas, na may average na lebel mula sa mga pinagmulang balon sa 0.4 micrograms per liter (ug/L). Ang Public Health Goal (PHG), na nadetermina ng lebel na hindi magdudulot ng makabuluhang salungat na mga pangkalusugang epekto sa mga tao na umiinom ng parehong tubig araw-araw ng 70 taon, ay 1.7 ug/L para sa TCE. Ang Maximum Contaminant Level (MCL), na ang maximum na antas ng contaminant na maaaring nasa loob ng inuming tubig, ay

5 ug/L para sa TCE. Patuloy na sinusubaybayan ng Distrito ang TCE sa balon ng supply.

Aktibong nililinis ng U.S. Army ang mga mabababaw na groundwater plume ng TCE sa loob ng dating lupain ng Fort Ord. Nagpatakbo din sila ng network ng mababaw na mga balon ng pagsubaybay ng groundwater para subaybayan ang progreso ng mga pagsusumikap sa paglilinis ng TCE. Ang mga balon ng pagsubaybay ng groundwater ng U.S. Army ay hindi nagsu-supply ng inuming tubig sa mga kostumer ng Distrito. Para sa higit pang impormasyon sa mga patuloy na pagsusumikap sa paglilinis, pakibisita ang <https://fortordcleanup.com/programs/groundwater/>.

## Per-and-Poly-Fluoroalkyl Substances (PFAS)

Noong ang dating Fort Ord ay nasa serbisyo, gumamit ang U.S. Army ng mga foaming agent na may PFAS para patayin ang mga sunog mula sa fuel. Dahil sa chemical na pagkakabuo, ang PFAS ay mga pangmatagalang kemikal na napakabagal na nasisira sa paglipas ng panahon sa kapaligiran. Libo-libong mga kemikal ay sumasailalim sa payong ng PFAS. Sa kasalukuyan, may tatlong mga partikular na analytes na may inaatas ng Estado na mga antas ng Notipikasyon o Tugon; Perfluorooctanoic Acid (PFOA), Perfluorooctanesulfonic Acid (PFOS), at Perfluorobutanesulfonic (PFBS). Nagsagawa ang Distrito ng pagsusuring PFAS sa lahat ng mga balon sa 2021, at ang balon 29 ay nakitang may mabababang antas ng Perfluorohexanoic Acid (PFHxA) na naroon. Lahat ng mga ibang balon ay hindi natukuyan ng PFAS na mga kemikal na na-sample noong 2021. Ang pagsubaybay sa hindi naregulang contaminant, tulad ng pagsubaybay para sa PFAS ay nakakatulong sa U.S. EPA at sa State Water Resources Control Board na madetermina kung saan ang ilang mga contaminant ay nagaganap at kung ang mga contaminant ay kailangang maregula. Patuloy na malapitang sinusubaybayan ng Distrito ang balon 29, ayon sa inaatas, at boluntaryong sina-sample ang lahat ng mga ibang anim na balon para sa PFAS. Para matuto pa ng higit pang impormasyon sa PFAS,

mangyaring bumisita sa <https://www.waterboards.ca.gov/pfas/> o <https://www.epa.gov/pfas>.

## Nitrate

Ang nitrate sa inuming tubig sa mga lebel na mas mataas sa 10 mg/L ay peligro sa kalusugan para sa mga sanggol na mas bata sa anim na buwang gulang. Ang mga nasabing lebel ng nitrate sa inuming tubig ay maaaring makaabala sa kapasidad ng dugo ng sanggol na magdala ng oxygen, nagreresulta sa malalang sakit; kasama sa mga sintomas ang kakulangan ng paghinga at pagka-asul ng balat. Ang mga lebel ng nitrate na mas mataas sa 10 mg/L ay maaari ring makaapekto sa kakayahan ng dugong magdala ng oxygen sa ibang indibiduwal, tulad ng mga buntis na babae, at mga may ilang partikular na kakulangan sa enzyme. Kung inaalagaan mo ang sanggol o kung ikaw ay buntis, dapat kang humingi ng payo mula sa iyong tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan. Ang mga lebel ng nitrate ay maaaring mabilis na tumaas nang panandalian dahil sa ulan o aktibidad ng agrikultura.

## Arsenic

Bagaman ang iyong inuming tubig ay nakatutugon sa pederal at estadong pamantayan para sa arsenic, may laman itong mababang lebel ng arsenic. Binabalanse ng pamantayang arsenic ang kasalukuyang pag-unawa sa mga posibleng epekto sa kalusugan ng arsenic laban sa gastos ng pagtanggap ng arsenic mula sa inuming tubig. Patuloy na sinasaliksik ng U.S. Environmental Protection Agency ang mga epekto sa kalusugan ng mga mababang lebel ng arsenic, na isang mineral na kilalang nagdudulot ng kanser sa mga tao sa matataas na konsentrasyon at kaugnay ng mga ibang pangkalusugang epekto tulad ng pinsala sa balat at problema sa sirkulasyon.

## Lead

Kung mayroon, ang mga mataas na lebel ng lead ay maaaring magdulot ng malalalang problema sa kalusugan, lalo na sa mga buntis na babae at batang bata. Ang lead sa inuming tubig ay pangunahing mula sa mga materyales at bahagi na kaugnay ng mga linya ng serbisyo

at plumbing sa bahay. Responsable ang Marina Coast Water District sa pagbibigay ng de-kalidad na inuming tubig pero hindi makontrol ang iba't ibang materyales na ginamit na component ng plumbing. Kapag ang tubig mo ay nasa mga tubo ng ilang oras, mapapababa mo ang potensiyal sa pagkalantad sa lead sa pag-flush ng gripo mo ng 30 segundo hanggang 2 minuto bago gumamit ng tubig para inumin o panluto. Kung nag-aalala ka tungkol sa lead sa tubig niyo, maaaring naisin mong ipasuri ang tubig niyo. Ang impormasyon sa lead sa inuming tubig, mga paraan sa pagsusuri, at mga hakbang na magagawa mo para mapababa ang pagkalantad ay makukuha mula sa Safe Drinking Water Hotline o sa <http://www.epa.gov/lead>.

## Isang Abiso sa Radon

Ang radon ay isang radioactive gas na hindi mo makikita, malalasanhan o maaamoy. Nakikita ito sa buong U.S. Ang radon ay nakakagalaw pataas mula sa lupa at papasok sa bahay sa pamamagitan ng mga crack at butas sa pundasyon. Ang radon ay maaaring mabuo sa matataas na lebel sa lahat ng klase ng mga bahay. Ang radon ay maaari ring pumasok sa hangin sa labas kapag lumabas mula sa tubig sa gripo mula sa pag-shower, paghuhugas ng pinggan at ibang aktibidad sa bahay. Kunpara sa radon na pumapasok ng bahya sa pamamagitan ng lupa, ang radon na pumapasok sa tubig sa gripo ay sa karamihan ng mga kaso ay maliit na pagkukunan ng radon sa hangin sa loob. Ang radon ay kilalang nakaka-kanser sa bahay. Ang paghinga ng hanging may lamang radon ay maaaring magdulot ng kanser sa baga. Ang inuming tubig na may lamang radon ay maaari ring mapataas ang peligro sa nasabing kanser sa tiyan. Kung nag-aalala ka tungkol sa radon sa tahanan niyo, suriin ang hangin sa inyong tahanan. Ang pagte-test ay mura at madali. Dapat mong isulong ang pagtanggap ng radon para sa bahay mo kung ang lebel ng radon sa hangin ay 4 picocuries per liter ng hangin (pCi/L) o mas mataas. May mga simpleng paraan para ayusin ang problema sa radon na hindi masyadong mahal. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa programang radon ng Estado niyo (1-800-745-7236), sa U.S. EPA Safe Drinking Water Hotline (1-800-426-4791), o sa National Safety Council Radon Hotline (1 800-767-7236).

## Ano Ang Mga Pagkukunan ng Contaminants?

Kasama sa mga pagkukunan ng inuming tubig (nasa gripo at nakaboteng tubig) ang mga ilog, lawa, stream, pond, reservoir, spring, at balon. Habang ang tubig ay naglalakbay sa ibabaw ng lupa o sa lupa, natutunaw nito ang mga natural na nagaganap na mineral at, sa ilang mga kaso, materyal na radioactive, at maaaring kunin ang mga sangkap na nagreresulta mula sa pagkakaroon ng mga hayop o aktibidad ng tao. Kasama sa mga contaminant na maaaring nasa pinagmulang tubig ang:

- Mga Microbial Contaminant, tulad ng mga virus at bakteryang, na maaaring mula sa mga sewage treatment plant, septic system, pagpapatakbo ng mga agrikulturang livestock at wildlife.
- Ang mga Inorganic Contaminants, tulad ng asin at metal, na maaaring natural na nagaganap o nagreresulta mula sa urban stormwater runoff, industriyal o domestic na wastewater discharge, produksiyon ng langis at gas, pagmimina, o pagbubukid.

- Mga Pesticidyo at Herbicide, na maaaring mula sa iba't ibang pagkukunan, tulad ng agrikultura, urban stormwater runoff, at mga residensiyal na paggamit.
- Mga Organic Chemical Contaminant, kasama ang synthetic at volatile organic na kemikal na mga by-product ng mga industriyal na proseso at produksiyon ng, at maaari ring mula sa mga gasolinahan, urban stormwater runoff, agrikulturang aplikasyon at mga septic system.
- Mga Radioactive Contaminant, na maaaring natural ang itsura o resulta ng produksiyon ng langis at gas at mga aktibidad sa pagmimina.

Upang masiguro na ang tubig mula sa gripo ay ligtas inumin, nagbigay ang U.S. Environmental Protection Agency (USEPA) at ang State Water Resources Control Board (State Water Board) ng mga regulasyon na naglilimita sa dami ng ilang contaminant sa tubig na nilaan ng mga pampublikong sistema ng tubig. Ang mga regulasyon ng U.S. Food and Drug Administration at ng batas ng California ang mga limitasyon

para sa mga contaminant sa nakaboteng tubig na magbibigay ng parehong proteksiyon para sa pampublikong kalusugan.

## Isang tala sa Immuno-compromised

Ang ilang tao ay maaaring mas mahina sa mga contaminant sa inuming tubig kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang mga immuno-compromised na tao tulad ng mga taong may kanser na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa mga organ transplant, mga taong may HIV/AIDS o ibang sakit sa immune system, ilang matatanda, at mga sanggol ay partikular na nasa peligro mula sa impeksiyon. Ang mga tao ay kailangang humingi ng payo tungkol sa inuming tubig mula sa tagapaglaan nila ng pangangalaga sa kalusugan. Ang mga patnubay ng U.S. EPA/ Centers for Disease Control (CDC) sa mga angkop na pamamaraan para mabawasan ang peligro ng impeksiyon ng Cryptosporidium at ibang mga microbial na contaminant ay makukuha mula sa Safe Drinking Water Hotline (1-800-426-4791).

# Paano Basahin ang Mga Talahanayan ng Kalidad ng Tubig

Ang mga sumusunod na talahanayan ay naglilista ng mga resulta ng mga natukoy na contaminant sa sistema ng distribusyon ng Distrito at mga groundwater supply well. Bagaman ang pinakamaraming pagsubaybay ay nakumpleto hanggang Disyembre 2021, pinahihintulutan ng mga regulasyon ang Distritong subaybayan ang ilang mga kemikal nang mas madalang sa minsan bawat taon dahil hindi madalas nagbabago ang mga lebel. Ang mga resulta ng test ay hinati sa mga sumusunod na seksiyon: Mga Pamantayan ng Pangunahing Inuming Tubig,

Mga Pamantayan ng Segundaryong Inuming Tubig, Mga Ibang Constituent, at Mga Hindi Naregulang Contaminant. Para makatulong na mas mainam na maunawaan ang ulat, gamitin ang Mga Kahulugan ng Mga Terminong binigay aa ibaba.

**Para basahin ang talahanayan,** magsimula sa hanay na pinamagatang(Mga) Natukoy na Contaminant at magbasa pahalang sa hiler. *Pinahihiwatig ng Mga Yunit ang halagang sinukat.* Pinapakita ng MCL ang pinakamataas na dami ng contaminant na pinahihintulutan. *Ang PHG/MCLG ay ang layuning*

*halaga para sa contaminant na iyon (maaaringmas mababa ito sa pinahihintulutan).* Ang Taon ng Pagsuri ay karaniwang noong 2021 o para sa ilang contaminant, ang pinakabagong taon ng sampling. Ang Taunang Average ay ang average na halagang nasukat o natukoy. *Sinasabi ng Range ang pinakamababa at pinakamataas na halagang nasukat.* Tinutukoy ng Walang Paglabag na ang mga inaatas sa regulasyon ay natugunan. *Sinasabi ng Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig kung saan karaniwang nagmumula ang contaminant.*

## Kalidad ng Tubig ng Sistema ng Distribusyon

### MGA PAMANTAYAN SA PANGUNAHING INUMING TUBIG — Microbiology

| Natukoy na Contaminant     | Mga Yunit             | MCL                  | (MCLG) | Taon ng Pagsusuri | Mga Kabuuang Sample na Nakolekta & Buwang Positibo | Paglabag | Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig |
|----------------------------|-----------------------|----------------------|--------|-------------------|----------------------------------------------------|----------|---------------------------------------------|
| Kabuuang Coliform Bacteria | Mga Positibong Sample | 5.0% Buwanang Sample | (0)    | 2021              | 520 Sample<br>Walang Mga Positibong Sample         | Hindi    | Likas na mahahanap sa kapaligiran.          |

### MGA PAMANTAYAN SA PANGUNAHING INUMING TUBIG — Mga Byproduct ng Disinpeksiyon & Natira ng Disinfectant

| Natukoy na Mga Contaminant                  | Mga Yunit | MCL [MRDL] | PHG (MCLG) [MRDLG] | Taon ng Pagsusuri | Taunang Average     | Saklaw Mababa - Mataas | Paglabag | Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig                   |
|---------------------------------------------|-----------|------------|--------------------|-------------------|---------------------|------------------------|----------|---------------------------------------------------------------|
| Kabuuang Trihalomethanes (TTHM)             | ug/L      | 80         | n/a                | 2021              | 6.13 <sup>(a)</sup> | 3.3 - 7.4              | Hindi    | Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig.                  |
| Chlorine Residual [bilang Cl <sub>2</sub> ] | mg/L      | [4.0]      | [4]                | 2021              | 0.89                | 0.34 - 1.76            | Hindi    | Disinfectant ng inuming tubig na idinagdag para sa panggamot. |

### MGA PAMANTAYAN SA PANGUNAHING INUMING TUBIG — Mga Sample ng Lead & Copper sa Gripo sa Loob

| Natukoy na Contaminant | Mga Yunit | Lebel ng Pagkilos | PHG | Taon ng Pagsusuri | * 90th Percentile na Lebel | Bilang ng Mga Site na Mas Mataas sa Lebel ng Pagkilos | Paglabag | Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig                  |
|------------------------|-----------|-------------------|-----|-------------------|----------------------------|-------------------------------------------------------|----------|--------------------------------------------------------------|
| Copper                 | mg/L      | 1.3               | 0.3 | 2019              | 0.29                       | 0 ng 35                                               | Hindi    | Pagkabulok sa loob ng mga sistema ng plumbing ng sambahayan. |
| Lead                   | ug/L      | 15                | 0.2 | 2019              | ND (<5)                    | 0 ng 35                                               | Hindi    | Pagkabulok sa loob ng mga sistema ng plumbing ng sambahayan. |

### MGA PAMANTAYAN NG PANGUNAHING INUMING TUBIG — Pagsusuri ng Lead Sa Mga Paaralan (Lahat ng labing-isang Monterey Peninsula Unified School District na paaralan sa mga lugar ng serbisyo ng MCWD na humihiling ng pagsusuri ay nasuri — hanggang limang sample ang nakolekta sa bawat paaralan.)

| Natukoy na Contaminant | Mga Yunit | Lebel ng Pagkilos | PHG | Taon ng Pagsusuri | * 90th Percentile na Lebel | Bilang ng Mga Site na Mas Mataas sa Lebel ng Pagkilos | Paglabag | Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig                  |
|------------------------|-----------|-------------------|-----|-------------------|----------------------------|-------------------------------------------------------|----------|--------------------------------------------------------------|
| Lead                   | ug/L      | 15                | 0.2 | 2017              | 4                          | 0 ng 40                                               | Hindi    | Pagkabulok sa loob ng mga sistema ng plumbing ng sambahayan. |

(a) Aang average ay kinakalkula ayon sa pinakamataas na tumatakbong taunang average.

(\*) **Ika-90 Percentile na Level:** Para sa pagsunod, ang resulta ng sample sa 90th percentile na lebel ay dapat mas mababa sa Lebel ng Pagkilos.

## Mga Kahulugan ng Mga Terminong Ginamit

**Maximum Contaminant Level (MCL):** Ang pinakamataas na lebel ng contaminant na pinapayagan sa inuming tubig. Ang mga Primary MCL at tinatangka nang kasing lapit sa mga PHG (o MCLG) ayon sa ekonomikal at teknolohikal na posible. Ang mga segundaryong MCL ay tinatangka para protektahan ang amoy, lasa, at itsura ng inuming tubig.

**Maximum Contaminant Level Goal (MCLG):** Ang lebel ng contaminant sa inuming tubig na ang mas mababa ay walang kilala o inaasahang peligro sa kalusugan. Ang mga MCLG ay tinatangka ng U.S. Environmental Protection Agency.

**Public Health Goal (PHG):** Ang lebel ng contaminant sa inuming tubig na ang mas mababa ay walang kilala o inaasahang peligro sa kalusugan. Ang mga PHG ay tinatangka ng California Environmental Protection Agency.

**Mga Pamantayan sa Pangunahing Inuming Tubig (PDWS):** Ang mga MCL, MRDL at mga pamamaraan sa paggamot (mga T.T.) para sa mga contaminant na nakakaapekto sa kalusugan kasama ng kanilang mga inaatas sa pagsubaybay at pag-uulat, at mga inaatas sa paggamot ng tubig.

**Maximum Residual Disinfectant Level (MRDL):** Ang pinakamataas na lebel ng disinfectant na pinapayagan sa inuming tubig. May nakakakumbinseng katibayan na ang pagdagdag ng disinfectant ay kailangan para makontrol ang mga microbial contaminant.

**Maximum Residual Disinfectant Level Goal (MRDLG):** Ang lebel ng disinfectant ng inuming tubig na ang mas mababa ay walang kilala o inaasahang peligro sa kalusugan. Ang mga MRDLG ay hindi sumasalamin sa mga benepisyo ng paggamit ng mga disinfectant para kontrolin ang mga microbial contaminant.

**Regulatory Action Level (A.L.):** Ang konsentrasyon ng contaminant na, kung nalagpasan, at nagti-trigger ng paggamot o ibang inaatas na kailangang sundan ng supplier ng tubig.

**Treatment Technique (T.T.):** Ang inaatas na prosesong nilalayong mabawasan ang lebel ng contaminant sa inuming tubig.

**UCMR:** Unregulated Chemicals Monitoring Rule na nakakatulong sa EPA at CDPH na madermina kung saan ang ilang contaminant ay nagaganap at kailangang maregula.

**MRL:** Method Reporting Limit o ang mas mababang limitasyon ng quantitation

n/a: Hindi Angkop

ND: Hindi Natukoy

**Lebel ng Abiso:** Naitaguyod ng DDW na batay sa kalusugang lebel ng payo para sa mga kemikal sa inuming tubig na kulang sa mga maximum na lebel ng contaminant

**NTU:** Nephelometric Turbidity Units

**pCi/L:** Picocuries sa bawat litro

**ppm:** Parts per million o milligrams per liter

**ppb:** Parts per billion o micrograms per liter

**ppt:** Parts per trillion o nanograms per liter

**TON:** Threshold Odor Number

| Mga Yunit                   | Katumbas                           |
|-----------------------------|------------------------------------|
| mg/L – milligrams per liter | ppm – parts per million            |
| µg/L – micrograms per liter | ppb – parts per billion            |
| ng/L – nanograms per liter  | ppt – parts per trillion           |
| pg/L – picograms per liter  | ppq – parts per quadrillion        |
|                             | 1 segundo sa 11.5 araw             |
|                             | 1 segundo sa halos 32 taon         |
|                             | 1 segundo sa halos 32,000 taon     |
|                             | 1 segundo sa halos 32,000,000 taon |

# Kalidad ng Tubig ng Mga Groundwater Supply Well

| Natukoy na Mga Contaminant                         | Mga Yunit | MCL | PHG (MCLG) | Taon ng Pagsusuri                                | Taunang Average | Saklaw Mababa - Mataas   | Paglabag     | Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig                                                                                                                                                                              |
|----------------------------------------------------|-----------|-----|------------|--------------------------------------------------|-----------------|--------------------------|--------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>MGA PAMANTAYAN NG PANGUNAHING INUMING TUBIG</b> |           |     |            |                                                  |                 |                          |              |                                                                                                                                                                                                                          |
| Arsenic                                            | ug/L      | 10  | 0.004      | 2021                                             | 3.5             | ND - 10.1 <sup>(a)</sup> | <b>Hindi</b> | Erosyon ng mga likas na deposito; runoff mula sa mga orchard; mga basura sa produksiyon ng salamin at electronics.                                                                                                       |
| Fluoride (Natural)                                 | mg/L      | 2.0 | 1          | 2021                                             | 0.2             | ND - 0.25                | <b>Hindi</b> | Erosyon ng mga likas na deposito; additive ng tubig na nagtataguyod sa matibay na ngipin; discharge mula sa mga pabrika ng fertilizer at aluminum.                                                                       |
| Aktibidad ng Gross Alpha particle                  | pCi/L     | 15  | (Zero)     | 2021/2020/2019/<br>2016/2014/2013 <sup>(b)</sup> | 2.2             | ND - 8.5                 | <b>Hindi</b> | Erosyon ng mga likas na deposito.                                                                                                                                                                                        |
| Nitrate (bilang N)                                 | mg/L      | 10  | 10         | 2021                                             | 2.0             | ND - 5.7                 | <b>Hindi</b> | Runoff at leaching mula sa paggamit ng fertilizer; leaching mula sa mga septic tank at sewage; erosyon ng mga likas na deposito.                                                                                         |
| Selenium                                           | ug/L      | 50  | 30         | 2021                                             | 0.6             | ND - 5                   | <b>Hindi</b> | Discharge mula sa mga refinery ng petroleum, salamin at metal; erosyon ng mga likas na deposito; discharge mula sa mga minahan at mga manufacturer ng kemikal; runoff mula sa mga lote ng livestock (additive sa pakain) |
| Trichloroethylene [TCE]                            | ug/L      | 5   | 1.7        | 2021/2020                                        | 0.4             | ND - 1.9                 | <b>Hindi</b> | Discharge mula sa mga metal na degreasing site at mga ibang pabrika.                                                                                                                                                     |
| Uranium                                            | pCi/L     | 20  | 0.43       | 2021/2020/2019/<br>2013 <sup>(c)</sup>           | 1.9             | ND - 5.3                 | <b>Hindi</b> | Erosyon ng mga likas na deposito.                                                                                                                                                                                        |

## MGA PAMANTAYAN NG SEGUNDARYONG INUMING TUBIG

|                                |           |           |     |      |       |            |              |                                                                             |
|--------------------------------|-----------|-----------|-----|------|-------|------------|--------------|-----------------------------------------------------------------------------|
| Chloride                       | mg/L      | 500       | n/a | 2021 | 95.4  | 54 - 190   | <b>Hindi</b> | Runoff/leaching mula sa mga natural na deposito; impluwensiya ng seawater.  |
| Kulay                          | Mga Yunit | 15        | n/a | 2021 | 0.5   | ND - 3     | <b>Hindi</b> | Likas na nagaganap na mga organikong materyales                             |
| Mga pH Yunit                   | Mga Yunit | 6.5 - 8.5 | n/a | 2021 | 7.8   | 7.3 - 8.3  | <b>Hindi</b> | Likas na nagaganap na mga mineral.                                          |
| Specific Conductance           | µS/cm     | 1600      | n/a | 2021 | 666.0 | 480 - 1016 | <b>Hindi</b> | Mga sangkap na bumubuo ng ions kapag nasa tubig; impluwensiya ng seawater.  |
| Sulfate                        | mg/L      | 500       | n/a | 2021 | 49.2  | 34 - 62    | <b>Hindi</b> | Runoff/leaching mula sa mga natural na deposito; mga industriyal na basura. |
| Mga Kabuuang Natunaw na Solido | mg/L      | 1000      | n/a | 2021 | 409.2 | 286 - 580  | <b>Hindi</b> | Runoff/leaching mula sa mga likas na deposito.                              |
| Turbidity                      | NTU       | 5         | n/a | 2021 | 0.1   | 0.1 - 0.15 | <b>Hindi</b> | Run-off ng lupa.                                                            |

## MGA IBANG CONSTITUENT — Walang Mga Pamantayan sa Inuming Tubig

|                        |      |     |     |      |       |            |     |                                    |
|------------------------|------|-----|-----|------|-------|------------|-----|------------------------------------|
| Alkalinity             | mg/L | n/a | n/a | 2021 | 124.4 | 96 - 180   | n/a | Likas na nagaganap na mga mineral. |
| Bicarbonate Alkalinity | mg/L | n/a | n/a | 2021 | 150.6 | 119 - 220  | n/a | Likas na nagaganap na mga mineral. |
| Calcium                | mg/L | n/a | n/a | 2021 | 44.6  | 22 - 67    | n/a | Likas na nagaganap na mga mineral. |
| Magnesium              | mg/L | n/a | n/a | 2021 | 14.4  | 3.5 - 22.5 | n/a | Likas na nagaganap na mga mineral. |
| Potassium              | mg/L | n/a | n/a | 2021 | 2.9   | 2.0 - 4.1  | n/a | Likas na nagaganap na mga mineral. |
| Sodium                 | mg/L | n/a | n/a | 2021 | 67.6  | 39 - 120   | n/a | Likas na nagaganap na mga mineral. |
| Tigas <sup>(d)</sup>   | mg/L | n/a | n/a | 2021 | 169.9 | 73 - 242   | n/a | Likas na nagaganap na mga mineral. |

## MGA HINDI REGULATED NA CONTAMINANT — Walang Mga Pamantayan sa Inuming Tubig\*

|                                |      |     |     |      |      |          |     |                                                                               |
|--------------------------------|------|-----|-----|------|------|----------|-----|-------------------------------------------------------------------------------|
| Boron                          | ug/L | n/a | n/a | 2019 | 45.7 | ND - 120 | n/a | Erosyon ng mga likas na deposito.                                             |
| Vanadium                       | ug/L | n/a | n/a | 2019 | 6.6  | ND - 15  | n/a | Erosyon ng mga likas na deposito.                                             |
| Perfluorohexanoic acid (PFHxA) | ng/L | n/a | n/a | 2021 | 0.7  | ND - 5.5 | n/a | Breakdown na produkto ng stain-proof at degreasing na mga coating ng pagkain. |

### Mga Footnote:

(a) Ang pagtupad para sa Arsenic MCL ay batay mula sa tumatakbong taunang average, at ang mga resulta ay dapat nasa o lagpas sa 10.5 ug/L na paglabag sa MCL. Ang inisyal na sample mula sa well 11 noong 2021 ay 10.1 ug/L, kasunod ng dalawang kumpirmasyong mga sample sa 7.6 ug/L at 7.1 ug/L.

(b) Ang Watkins Gate Well ay na-sample noong 2013; Ang Well 29 at 30 ay na-sample noong 2016; ang Well 31 at 34 ay na-sample noong 2018; Ang Well 11 ay na-sample noong 2020; Ang Well 10 ay na-sample noong 2021.

(c) Ang Watkins Gate well ay na-sample noong 2013; Ang Well 31 at 34 ay na-sample noong 2019; ang Well at 11 ay na-sample noong 2020; Ang Well 10 ay na-sample noong 2021.

(d) Conversion ng yunit ng tigas ng tubig: 17.1 GPG/mg/L. Kabuuang tigas (taunang average) = 9.3 grains/gallon (GPG); Kabuuang tigas (saklaw) = 4.27 GPG - 14.15 GPG.

# Hindi Regulated Contaminant Monitoring – UCMR4

## PUNTO NG PASUKAN SA SISTEMA NG DISTRIBUSYON

| Natukoy na Mga Contaminant                                   | Mga Yunit | Taon ng Pagsusuri | Taunang Average | Saklaw Mababa - Mataas | Paglabag     | Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig          |
|--------------------------------------------------------------|-----------|-------------------|-----------------|------------------------|--------------|------------------------------------------------------|
| Germanium Kabuuan                                            | ug/L      | 2020              | 0.3             | ND - 0.66              | <b>Hindi</b> | Likas na nagaganap na elemento.                      |
| Manganese Kabuuan                                            | ug/L      | 2020              | 2.5             | ND - 8.8               | <b>Hindi</b> | Leaching mula sa mga likas na deposito.              |
| Bromide                                                      | ug/L      | 2020              | 324.3           | 200 - 610              | <b>Hindi</b> | Likas na nagaganap na elemento.                      |
| Kabuuang Organic Carbon                                      | ug/L      | 2020              | 31.43           | ND - 220               | <b>Hindi</b> | Medium para sa pagbuo ng mga disinfection byproduct. |
| <b>MAXIMUM NA ORAS NG PAGTIRA NG SISTEMA NG DISTRIBUSYON</b> |           |                   |                 |                        |              |                                                      |
| Bromochloroacetic acid                                       | ug/L      | 2020              | 0.2             | ND - 0.61              | <b>Hindi</b> | Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig.         |
| Chlorodibromoacetic acid                                     | ug/L      | 2020              | 0.4             | 0.32 - 0.44            | <b>Hindi</b> | Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig.         |
| Dibromoacetic acid                                           | ug/L      | 2020              | 0.9             | 0.47 - 1.4             | <b>Hindi</b> | Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig.         |
| Dichloroacetic acid                                          | ug/L      | 2020              | 0.7             | ND - 1.5               | <b>Hindi</b> | Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig.         |
| Kabuuang HAA5                                                | ug/L      | 2020              | 1.5             | 0.7 - 2.7              | <b>Hindi</b> | Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig.         |
| Kabuuang HAA6Br                                              | ug/L      | 2020              | 2.7             | 0.8 - 4.6              | <b>Hindi</b> | Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig.         |
| Kabuuang HAA9                                                | ug/L      | 2020              | 3.4             | 1.0 - 6.0              | <b>Hindi</b> | Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig.         |
| Tribromoacetic acid                                          | ug/L      | 2020              | 1.3             | ND - 2.2               | <b>Hindi</b> | Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig.         |

Walang ibang mga sample na kinuha sa UCMR4 na pag-aaral ay lumagpas sa mga antas ng Notipikasyon. **Ang buong Unregulated Contaminant Monitoring Report (UCMR4) na ulat ay makukuha sa pagbisita sa aming website sa [https://www.mcwd.org/gsa\\_water\\_quality.html](https://www.mcwd.org/gsa_water_quality.html).**

## Ang MCWD Team



### Pang-edukasyong Impormasyon at Espesyal na Pangkalusugang Impormasyon

Ang inuming tubig, kasama ang nakaboteng tubig, ay maaaring makatwirang maasahang may lamang maliit man lang na dami ng ilang contaminant. Ang pagkakaroon ng mga contaminant ay hindi kailangang tumukoy na ang tubig ay nagbabanta ng pangkalusugang peligro. Marami pang impormasyon tungkol sa mga contaminant at ang potensiyal na pangkalusugang epekto ay makukuha sa pagtawag sa Safe Drinking Water Hotline (1-800-426-4791) ng USEPA.

### Ibang Pagkukunan ng Impormasyon sa Tubig

**CA State Water Resources Control Board Division ng Mga Programa sa Inuming Tubig:**  
[waterboards.ca.gov/drinking\\_water/programs](http://waterboards.ca.gov/drinking_water/programs)

**USEPA Division of Ground Water and Drinking Water:**  
[water.epa.gov/drink](http://water.epa.gov/drink)

**Centers for Disease Control:** [cdc.gov](http://cdc.gov)

**Fort Ord Cleanup Project:** [fortordcleanup.com](http://fortordcleanup.com)